

1

Patingin-tingin si Sophie Michaels sa air-conditioning system ng sinasakyan niyang taxi habang pinapaypayan ng panyo ang sarili. Naiinitan siya at hindi siya puwedeng pagpawisan dahil masisira ang makeup niya. May meeting ang lahat ng team sa creative department ng malaking company na pinapasukan niya. Muli ang pagkaramdam niya ng tila mga paruparo sa tiyan sa pagkaisip niyon. Excited siya dahil mismong ang big boss nila ang nagpatawag ng meeting at ibig sabihin niyon ay magkikita sila.

Mark Bicharra, ang batang-batang may-ari ng *Bicharra Advertising Company*. Ito ang kanyang dream boy. Sa laki ng inookupa nilang space sa *Santillan Tower* sa Makati ay halos hindi sila nito magkita, idagdag pa ang napakaraming branches ng agency sa bansa na madalas nitong dinadalaw ay halos hindi na rin ito tumuntong sa opisina.

Nagsimula siyang magkagusto rito nang baguhan pa lamang siya sa kompanya. Isa iyong celebration party nang maisarado ng *BAC* ang isang malaking deal sa isang dayuhang korporasyon na nagbukas ng branch sa Pilipinas.

“Krish, this is it.” Siniko niya ang best friend na kasabay rin niyang natanggap sa kompanya. Nakatanaw sila sa mga taong nagsisipagsayawan sa dance floor. “Ang matagal na nating pinapangarap. We are finally a part of Bicharra Ad. Dati panaginip lang natin ’to. And look at us now...” Umindak-indak pa siya at sumabay sa tugtog. “Pa-party-party na tayo kasama ang mga executives!”

Natawa sa kanya ang kaibigan. “Kung di mo naaalala ay ikaw lang ang nangarap nito. Sinabayan lang kita.”

Lumabi siya. “Whatever, just don’t tell me you’re not enjoying this.”

“Of course I am enjoying!” Sumabay ito sa pagsayaw sa kanya.

“You can dance really well.”

Nilingon niya ang nagsalita at pasimpleng umirap. Si Mr. Renato Sarmenta, isa sa mga executives ng kompanya. The oldest one for that matter, baguhan pa lang sila pero alam na nila ang karakas nito sa mga babaeng empleyada.

Itinago ni Krish ang isang masamang ngiti bago nakalabing iniwan siya kasama ang matanda. Natatawang inirapan niya ito at pasimple ring lumayo

sa lalaki.

“I don’t think you’ve heard me,” anito na humarap na sa kanya. “I said you could really dance well.”

Tumaas-baba ang tingin nito sa suot niyang body-hugging matte crepe satin in dark blue. Stretchable ang tela niyon kaya hapit na hapit sa kanya na mas nagbigay ng emphasis sa makurba niyang katawan. Hanggang tuhod niya ang damit at tube top iyon kaya bahagyang nakalitaw ang kanyang cleavage.

“Thank you,” bale-wala niyang sagot at tinalikuran ito.

Pinigilan niya ang umismid nang muli ay lumitaw si Mr. Sarmenta sa harapan niya. Ikinawit nito ang isang kamay sa baywang niya at marahan siyang kinabig palapit.

“I hope you don’t mind me dancing with you.” Lumabas ang kompleto pa nitong ngipin ngunit naninilaw na ang mga iyon. Hindi lang niya alam kung dahil ba sa hindi ito nagsesepilyo o dahil sa walang humpay nitong paninigarilyo. Maybe both.

“That’s okay,” pagpapatianod niya. Mayamaya lang ay babalik na siya sa table nila ng kaibigan kasama ang team nila.

Pretentious Lover - Jade Anne Franco

Dahil sa narinig ay mas hinapit siya nito at nabangga pa ang noo niya sa nagmamantika nitong mukha. Nagkunwari siyang umubo para itago ang muntikan na niyang pagtili. Nag-umpisa nang mangunot ang noo niya.

“Hmm... you smell very nice too.” At sa gulat niya ay bumaba ang kamay nito sa puwit niya.

Nanlaki ang mga mata niya dahil sa ginawa nito, ngunit bago pa man siya naka-react ay nawala na ang bigat ng kamay nito. Nilingon niya ang likuran at nakita si Mark, in a sleek tuxedo that silently revealed a very well-off man. Her boss was a perfect candidate for her plan.

Nakatutok ang mga mata nitong itim na itim sa matandang executive. She saw the perfect bridge of his nose dahil nakatagilid ito sa kanya and his sensuous lips were half smiling. Kinilig siya. Pakiramdam niya ay ito ang knight in shining armor niya... for all intents and purposes.

Ibinaba nito ang kamay ng matanda, sinisigurong hindi na hahawak sa kanya. “I think you’ve had a little too much to drink, Mr. Sarmenta.”

Papikit na iwinasiwas ni Renato ang kamay sa ere. “Nakakailang shot pa lang ako. I’m fine, I’m just

enjoying the night, you should too.” Tinapik nito ang balikat ng binata.

“Yes, I intend to do that, so let me dance with this young lady,” baling nito sa kanya at kumindat.

Nakuha ni Sophie ang ibig sabihin ni Mark kaya kaagad niyang inabot ang kamay nito nang abutin siya para isayaw. Umiling-iling na lang si Renato at naglakad palayo. She sighed in relief at hinarap ang guwapo niyang kasayaw.

“Thank you, Sir.”

“We’re in a party, so call me ‘Mark’. I’m so tired of hearing my employees calling me ‘Sir’ and ‘Boss’.” He smiled at her in a very friendly way and she sighed happily.

“Okay, thank you, Mark. Talagang nag-pa-panic na ako kanina,” pag-amin niya, not hiding the sparkle in her eyes.

“You’re welcome. I’ve been keeping an eye on him tonight, ayoko nang madagdagan pa ang mga records niya. Nasisira ang pangalan ng kompanya. I should really refrain from hiring beautiful ladies like yourself,” pabiro nitong pagtatapos.

Namumulang ngumiti siya. Ilang kanta

pa ang pinatapos nito bago nagpaalam upang makipagsalamuha sa iba pang empleyado. At magmula noon ay wala na siyang ibang inabangan kundi ang magkita sila sa opisina. Pero napaka-busy nito palagi kaya hindi siya nagkaroon ng pagkakataong muling makausap ito nang personal upang ayain itong lumabas... and hopefully start something.

Naramdaman niya ang panlalagkit ng mukha na pumutol sa pagbabalik-tanaw niya. Di na siya nakatiis at bumaling sa driver.

“Manong, p’wede pakilakasan ng air-con? Ang init, eh,” reklamo niya at sa kung anong sugo ng pagkakataon ay biglang tumigil ang makina ng taxi.

“Anak ng tipaklong talaga, o!” Nahampas ng driver ang manibela.

“Ano’ng nangyari?” kunot-noo niyang tanong, sabay tingin sa kanyang wristwatch; 7:10 a.m. Lunes at rush hour, kailangan pa niyang i-brief ang team bago sumabak sa meeting ng alas ocho.

“Tumirik ho ang sasakyan. Pasensya na, Miss, pero abang na lang kayo ng ibang taxi. Tiyak na matatagalan pa pag inayos ko ’to at baka ay ma-tow pa,” paghingi nito ng paumanhin.

Napayuko siya. Sa lahat ng binigay na

pagkakataon, bakit kailangang ngayon pa magkaroon ng ganitong klase ng aberya? Nanghihinang inabot niya ang wallet at binigyan ng isang daan ang driver.

“Sa inyo na ho ang sukli.” Pagkatapos ay mabilis na siyang lumabas sa sasakyan at nag-abang.

Katulad ng inaasahan ay walang dumaraang taxi na bakante. Seven thirty na at panay na ang tulo ng pawis niya.

“Taxi!” sigaw niya nang may dumaang taxi na walang laman, pero hindi man lang tumingin sa kanya ang driver at dumerecho ng takbo. Nanghihinang sinundan niya ito ng tingin nang biglang mag-red ang traffic light at matanawan ang sasakyang kasunod nito. 1991 model ng *Honda Accord* in yellow.

“Eric,” nausal niya at mabilis na tinakbo ang sasakyan saka derechong sumakay katabi ng driver. “Hi, Eric!” She smiled sarcastically sweet.

“Oh...” Halata ang gulat sa tinig ng lalaki pagkakita sa kanya. Bigla ay para itong napagod at sandaling yumuko. She even heard a deep sigh bago kaswal na tiningnan siya nito. “Just so you remember, this isn’t a cab,” pagkuwan ay saad nito, halatang antok pa.

“Get over it,” iritable niyang tugon. Alam niyang

nasa isip pa rin nito ang pangyayari sa una nilang pagkikita. “I’m running late, just please give me a ride.”

“Okay, but please don’t talk,” maagap nitong pag-dismiss sa kanya at pinasibad ang sasakyan nang mag-green ang traffic light.

“Yeah, I wasn’t planning on it,” mabilis niyang sagot at pasimple itong pinagmasdan.

Brown pants, checkered blue polo at itim na bagong-bagong shine na sapatos. Napailing siya sa kawalan ng taste nito. He looked like a tall, gay nerd and it disgusted her. Pagkaraan ay ang mukha naman nito ang tinitigan niya. In fairness sa katabi ay tunay na matangos ang ilong nito. He had a very clear fair skin na duda niya ay dahil sa nag-bleach ito. His brown melancholic eyes had thick eyelashes and his lips looked thin and surprisingly, sexy. Wavy ang brown nitong buhok at tila hindi malaman kung saan patutungo dahil nagsabog ito palibot sa mukha ng lalaki. He looked so much like a nerd without the glasses and braces.

Sa opisina ay magkatabi ang kanilang cubicles habang sa kabila naman ang puwesto Krishna. For some reasons ay close ang dalawa at marami nang pagkakataon na iniwan siya ng best friend para

lang sumama sa lalaking ito kung saan. Dahil doon ay naka-develop siya ng dislike dito. Katulad ni Krishna ay naiirita rin siya pag may ibang kasama ang kaibigan. Especially someone like Eric na wala nang ginawa kundi ang pikunin siya. Very distant ang binata, iilan lang ang kinakausap nito at tanging siya lang ang pinagkakaabalahan nitong buskahin na madalas niyang ikainis.

“Go, go!” utos ni Sophie sa katrabaho nang makitang nag-orange light, ngunit hindi siya nito pinakinggan at tumigil hanggang sa tuluyang mag-red light. Umikot ang mga mata niya. “Bakit ka tumigil? You could have easily made it without the stop!” inis niyang baling dito.

Hindi ito sumagot at sa halip ay nagsalang ng CD sa player nito sa sasakyan. *You Give Love a Bad Name* ni *Bon Jovi* ang pumailanlang in acoustic version.

“*An angel smile is what you sell, you promised me heaven then put me through hell...*” Tila nakakalokong sumabay ito sa kanta habang nakangising tinapunan siya ng tingin. Marahan pa nitong niyugyog ang katawan at ulo kasabay ng tugtog.

Nag-init ang mukha niya sa pagkapikon. “You’re a nutcase,” asik niya.

“Shot through the heart and you’re to blame, Darling, you give love a bad name.”

Naniningkit ang mga matang iginawi na lang niya ang tingin sa labas ng bintana. Hindi ito tumigil sa pagkanta and she grudgingly admitted to herself that he could actually sing with a very husky and sexy voice na kabaligtaran ng boses nito kung nagsasalita na tila hindi pa nagbibinata.

Muli ay isang go-signal ang pinalagpas nito.

“Ano ba’ng ginagawa mo? You’re deliberately slowing us down!” bulalas niya rito.

“I have a royalty on board, kaya dapat mabagal ang pagpapatakbo ko,” painosente nitong sagot.

“You think you’re funny?” napipika niyang pakli.

“No, I think you promised you’d shut up,” walang anuman nitong sagot at muling sumabay sa kanta ni *Bon Jovi*.

“I hate you just so you know.” Tiim-bagang siyang humalukipkip.

“And I...” Nilingon siya nito while singing na tila nag-co-concert. *“will love you... baby... always...”*

Saktong seven forty nang makapasok siya sa opisina. Naroon sa cubicle niya si Krishna at as usual ay may bitbit na dalawang disposable cups ng kape mula sa *Starbucks*.

“Nand’yan na ba sila?” bungad niya at mabilis na inilapag ang bitbit na bag sa kanyang desk.

“Wala pa ang Prince Charming mo,” sagot nito at iniabot ang isang cup sa kanya.

Mabilis siyang humigop dito at nagpakawala ng malalim na hininga.

“Okay ka lang ba?” kunot-noong tanong nito.

“No, your *best friend* ruined my morning and don’t ask why.”

Nakakaintinding tumango ang kaibigan. Hindi kaila rito ang dislike niya kay Eric at madalas ay tinatawanan lang nito ang bangayan nila.

“He is so weird, why do you like him?” Muli niyang hinarap ito.

“Hindi siya weird. He’s actually really cool. I-set aside mo lang ’yang inis mo sa kanya and you will see,” sagot nito at lumipat na sa cubicle nito.

“I love you, Krish, and I only want the best for

you. Stop being friends with him, please?” pahayag niya na ikinalingon nito.

Krish was smiling with amusement in her eyes. “Get him out of your head. Halika na, ikaw na lang ang hinihintay ng team.”

Humigop muna siya ng kape to relax her mind at sumunod na rito. Siniguro nilang ready sila sa anumang maaaring i-require para sa project na pag-uusapan.

“I don’t know what you’ll do without me. Ilang araw na lang, interview ko na sa embassy, and I’m not sure kung kaya mong mag-isa dito,” ani Krish pagkatapos pahiran ang mukha niya ng pressed powder habang papunta sa conference room.

“Sana hindi ka pumasa,” kahit pabiro ay totoo sa loob niyang sabi. Kapag nagkataon na umalis nga ito patungong America para sundan ang mga magulang ay talagang hindi niya alam ang gagawin. They’ve been together for so many years at ni minsan ay hindi pa sila nagkalayo.

“Shut up. That’s my dream you’re talking about.” Lumabi ito at nauna nang naglakad sa kanya.

Sinadyang magpahuli ng pasok si Sophie upang mapansin siya ng boss at hindi matabunan ng ibang

teammates. Pagpasok na pagpasok niya sa malamig na five-cornered room na kita ang mga naglalakihang building ng Makati ay ngiting-ngiti na siya habang hinahanap ng mga mata si Mark. Hindi siya nabigo; he was standing next to the projector and was looking at her. Huminto siya sa paglalakad upang magpacute para lang muling mapaabante nang may biglang bumangga sa kanya mula sa likuran. Kung hindi pa nito nahawakan ang baywang niya ay napataob na siya sa carpeted floor with her face flat on it. Marahas na nilingon niya ang taong nakabangga sa kanya.

“Bakit bigla kang tumigil?” bulong ni Eric.

Ang kamay nito ay nakapulupot pa rin sa baywang niya at bigla ang pagsalakay ng kaba sa kanyang dibdib. Tagos sa katawan niya ang init ng palad nito. Unexpectedly, he had hard muscled arms na naramdaman niya sa pagkakapulupot nito sa kanyang katawan. Mabilis siyang lumayo rito.

“Nananadya ka ba?” asik niya sa binata, pigil ang paglakas ng boses.

Rumehistro ang pagkalito sa mukha nito. “What are you talking about?” he asked innocently.

“Sinadya mo akong itulak!” iritado niyang angil.

“Ba’t ko naman gagawin iyon? Ikaw ang dapat

sisihin, ba't ka ba kasi tumigil?"

Pinanlakihan niya ito ng mga mata nang wala siyang maisip na sagot. Alangan namang sabihin niya rito ang totoong dahilan niya.

“Wala kang pakialam...” aniya at pasimpleng nilingon si Mark na ngayon ay papalapit na sa kanila.

“Nagpapa-cute ka kay Sir!” bigla ay bulalas nito. “Ayan—“

Nagkumahog siyang takpan ang bibig nito. “Tumahimik ka!” mahina niyang bulong habang pinaglalaman ang kakaibang nararamdaman sa muling pagkakadikit ng kanilang mga katawan.

Halos yakap-yakap na niya ito. Ang isang braso niya ay nakapulupot sa batok nito at ang isa niyang kamay ay nakatakip sa bibig nito. His eyes were mischievously sparkling habang titig na titig sa kanya. She heard his muffled voice.

“Say one word about Sir, I swear to God I will make your life miserable!” banta niya sa lalaki.

Nangingislap pa rin ang mga mata nito nang tumango-tango.

“Everything okay?”

Nanlalaki ang mga matang binitawan niya si Eric at mabilis na nilingon ang nagsalita. “H-hi, Sir. Yes, everything’s fine. I was just telling Eric here...” Nilingon niya ang lalaking nasa likuran niya, pero pumasok na pala ito sa silid at nakita na lang niyang nakaupo na ito sa isa sa mga upuan sa harap ng conference table. Napapahiyang tumikhim muna siya bago nilingon muli ang kaharap. “Anyway, yeah, everything’s fine. How are you, Sir? Madalang ka yata magpunta dito sa opisina.” Sinikap niyang maging casual sa kabila ng napakalakas na pintig ng kanyang puso.

“Yeah, I’m good; sobrang busy lang. You look...” anito, ikinumpas ang kamay patungo sa kanya. “... great, by the way,” biglang pormal na dugtong nito.

She smiled ever so sweetly. “Thank you, Sir.”

“Okay, well...” Pumilig ito. “We’re all here, let’s start the meeting.”

2

“I cannot believe what just happened,” nanghihina pa ring reklamo ni Krishna kahit kanina pa tapos ang meeting.

“Hayaan mo na, let her win sometimes. Mas okay nga ’yun, eh, wala munang pressure sa work,” pagpapalubag ng loob ni Sophie sa kaibigan na nasa cubicle niya ulit.

“Sus! If I know, kaya ganyan mo na lang kadalang natanggap ang pagkatalo sa team nina Rachel, eh, dahil kinausap ka ni Sir Mark.”

Kasabay niyon ay ang magkasabay na paglapit nina Joey at Miguel, ang dalawa pa nilang teammates, hindi na niya naituloy ang pagsagot. “Lunchtime! S’an kayo kakain?” Inirapan lang ni Krishna ang mga ito.

“Hindi ako kakain,” sagot niya. Balak niyang puntahan si Mark sa office nito at ayain itong mag-lunch silang magkasama.

“Wag mo nang isipin ’yun, Sophie. Katatapos lang natin sa *Pond’s*, bigyan mo naman ng chance si Rachel, at saka kami, ng pahinga,” ani Miguel na akala ay na-demoralize siya sa kinatapusan ng

meeting.

Umiling siya. “You guys go ahead, busog lang talaga ako.”

Tumayo si Krishna at tumingin sa kanya. “Good luck! I’ll go and drown my sorrows in food.”

Umalis na ang tatlo. Naiwan siyang nag-re-retouch ng makeup.

Papatayo pa lang siya ay nakita na niya si Mark na papalabas ng office nito. Naudlot ang pagtayo niya sa nakita. Kasama nito ang isang babae na noon lang niya nakita. Nakapulupot ang braso nito sa baywang ng huli habang may ibinubulong rito. Napapikit ang mga matang bumalik siya sa kinauupuan at inihiga ang pisngi sa lamesa. She felt so frustrated. Bakit ba hindi mawalan ng girlfriend ang boss niya? Ilang buwan na lang at darating na ang kanyang ama kasama ang mga stepsisters niya para magbisita pero wala pa rin sa kanya ang lupa.

Sa katunayan ay wala siya kahit na ano. Lumaki siya sa pangangalaga ng Lola Soccoro niya and acquired her strong and very competitive personality from her. Kasal ito sa dating gobernador ng Albay na ayon sa kuwento nito sa kanya ay ito mismo ang gumawa ng paraan para pakasalan ng mayamang

gobernador sa kagustuhang mairaos sa hrap ang pamilya, at nagawa nga nito iyon. Pero lahat ng mga kayamanang natamo ng lola niya ay unti-unting nawala dahil sa pagpapagamot sa kanyang ina.

Umalis ng Pilipinas ang kanyang ama nang malaman nitong ubos na ang kayamanan na mayroon ang mommy niya. Kaya habang lumalaki siya ay itinatak ni Lola Socorro sa kanyang isip na kailangan siyang maging wise sa pagpili ng lalaki at gamitin ang kanyang ganda para guminhawa ang buhay. Huwag daw siyang gumaya sa kanyang ina na nagpadala sa pintig ng puso kaya nasira ang buhay. Naniniwala siya sa abuela.

Kaya kahit anong panliligaw ng mga katrabaho niya ay hindi niya pinapansin ang mga ito, her eyes were only for Mark Bicharra. Hindi lang ito tunay na mayaman at guwapo. She genuinely liked him. She has to have Mark, she needs to.

Pumikit ang mga mata ni Sophie at in-imagine ang magiging hitsura ng kasal nila. Gaganapin iyon sa isang malawak na hardin ng mansyon. Siya ay nakasuot ng Venus cut flowing lace gown and a veil. Sa dulo ng napakahabang green aisle na nalalatagan ng mga talulot ng puting rosas ay naghihintay ang groom niya. Malayo ito pero nakikita niya ang suot

nitong maluwang na white shirt na nakabukas ang huling mga butones sa dibdib at puti ring pantalon. A very simple garden wedding attire but looked so much more nang dahil sa nasa background na green trees and flowering shrubs. Nakita niya ang ngiti sa mukha ng mapapangasawa at bigla, ang isang magandang panaginip ay nauwi sa bangungot nang mapagsino ang ini-imagine; ang nakangising mukha ni... Eric!

Bigla siyang napadilat upang mabungaran ang mukhang nagmamay-ari ng mukha ng kanyang groom sa imahinasyon.

“You want a sandwich?” Nakabitin sa kamay ni Eric ang dalawang sandwich na nakalagay mismo sa *Gardenia* pack.

Nagpakawala siya ng pagod na hininga at muling inihiga ang mukha sa lamesa. Wala siyang oras makipagtalo rito.

“No?” susog pa nito. “This is ham and cheese.”

“I don’t want your sandwich!” gigil niyang sagot na hindi pa rin ito nililingon.

“Bakit? Nagda-diet ka ba? I’m telling you, okay lang kahit ganyan ang katawan mo, guys usually love women with meat.”

Bigla ay parang may pumitik na ugat sa kanyang sintido. Marahas niya itong nilingon. “Ano’ng sabi mo?”

Sandali itong natigilan sa nakitang galit sa mukha niya. “Y-you’re healthy?”

“You think I’m fat?” bulyaw niya. Tumayo siya at inisang hakbang ito.

“Hindi ko ’yan sinabi.” Bigla ay lito itong napabuntong-hininga. “Ano’ng nangyari? I was just offering you a sandwich...”

“Sinubukan mong sabihing mataba ako,” asik niya at tinitigan ito mula ulo hanggang paa, pagkuwan ay sarkastiko siyang ngumiti. “You should eat all your sandwiches, girls hate skinny guys!”

Hindi alam ng dalaga kung imahinasyon lamang niya iyon, pero sandaling nabahiran ng kaaliwan ang mukha nito bago bumalik sa clueless nitong anyo.

“If I gained weight, will you like me then?”

Sandali siyang natigilan sa tanong nito. Would she? At bakit nga ba ito napadpad sa imagination niya? Ipinilig niya ang ulo at tinalikuran ito. Useless makipagsagutan sa binata dahil kahit anong sabihin niya rito ay hindi niya ito nakitang ma-offend

kahit minsan. Bumalik siya sa pagkakasalampak sa lamesa.

“You know...” patuloy pa rin nito, “I make the best ham and cheese sandwiches.”

“I’m lactose intolerant,” pagsisinungaling niya at lumipat ng posisyon upang hindi ito makita.

“If I remove the cheese, will you want it?” tanong pa rin nito na tila hindi nakakatunog sa iritasyon niya.

“In case you forgot...” Muli siyang tumayo at hinarap ito. “We hate each other. Hindi ko alam kung ano ang meron sa araw na ito at palagi kang nasa paligid ko, but if it’s you starting to like me, forget it. You’re *not* my type, manaba ka man o mas lalong pumayat!” hindi kumukurap na patutsada niya.

May naglarong ngiti sa mga labi nito bago, “Okay, no sandwich for you today then... hindi mo naman kailangang magalit, you just have to say no.” Kumibit-balikat ito at tumalikod upang bumalik sa cubicle nito.

Unbelievable! naiiling na sigaw ng isip niya. Suddenly, she felt more exhausted.

Ikinabit ni Eric ang earphones at nagsimulang

kainin ang sandwich na baon. Sinasabayan ng mahinang pag-uyog ng ulo niya ang pinapakinggang tugtog. Di niya mapigilang mapangiti sa sarili. Sa tuwing kumukunot ang noo ni Sophie ay mas gumaganda ito sa paningin niya. Her frowns seemed to be more real than her smiles and he enjoyed seeing the real her. Ito lang at si Krishna ang dahilan kung bakit hindi pa siya umaalis sa kompanya.

He has been a vagabond for years now at ngayon lang siya tumagal sa isang trabaho. He preferred to be unknown to everyone, parte iyon upang matakasan ang pamilya and to completely change himself. He graduated from the *UST* Conservatory of Music and he worked as a teacher, call center agent, at manager ng maliliit na branches ng ilang fastfood restaurants.

He was once a lead guitarist too, which he truly enjoyed. Playing the guitar had always been his hobby maski noong bata pa lang siya. Pero nasusog siya ng ama at pinilit na bumalik sa kanila kaya kinailangan niyang itigil ang pagbabanda. Exposing oneself to public is never a wise idea kung hina-hunting ka ng ama na isang retired general.

It was all because of his angel, literally. Clarice, his little sister died when she was only sixteen. She was kidnapped for ransom. Payag ang kanyang ina na

magbigay ng ten million pesos bilang ransom money, subalit ang kanyang ama na noong mga panahong iyon ay nasa government service dahil isa itong alagad ng batas ay hindi sumang-ayon. Mas pinili nitong gawin ang procedure ng mga pulis na siyang naging sanhi ng pagkamatay ng kanyang kapatid.

Napailing siya. It's been six years, pero hindi pa rin nagbago ang sakit na nararamdaman sa tuwing maalala niya ito.

Pahangos na pinasok ni Eric ang kabahayan, hindi pansin ang mga nakaunipormeng pulis na nagkalat sa malawak nilang bakuran. Naabutan niya ang inang walang tigil ang pag-iyak na yakap-yakap ng kanyang ama. His always poised brother was also crying, nakasalampak ito sa sofa at blangkong nakatingin sa kisame.

“Bakit walang nagsabi sa ’kin ng nangyari?” he asked grimly, enduring the massive pain hammering his heart. Tinawagan lang siya ng kapatid kaninang madaling-araw kung kailan wala na siyang magagawa. When his sister was already dead.

“Hijo...” Tumayo si Aurora at sinalubong siya ng yakap at iyak. Hindi siya natinag, he didn't even bother to hug his mother back. “Your father thought it was under control.”

Pretentious Lover - Jade Anne Franco

Ngumiti siya nang mapait at lumayo sa ina upang lapitan ang nakayukong ama na nakaupo sa gilid ng sofa. “It clearly wasn’t under control then, was it, Dad?” Puno ng pait at pang-aakusa ang tinig niya.

“Don’t talk to me in that voice, young man. I’m just as devastated as you are if not more. She was my only daughter!” Buo ang tinig nitong tumayo at pinahid ang luha.

“No, she was just an assignment to you, and you chose to be a law officer than to be a father. That’s what killed her, and you know it!” kuyom ang mga kamaong sigaw niya.

“Eric!” saway ng ina sa kanya. “How dare you say that to your own father?”

Matabang niyang tiningnan ang ina. “He’s never my father, and he never will be. Not after he killed my only sister.” Kasabay niyon ay ang pagtalsik niya sa sahig dahil sa malakas na suntok ng ama sa kanya. Hindi man lang niya naramdaman ang sakit niyon. His heart was too busy bleeding for Clarice.

“You are so young, and you don’t know what you are talking about. You think that the pain you’re feeling in your heart right now, I don’t feel in mine?” The intensity in the old man’s voice temporarily shattered

his courage, but only for a few seconds when once again he saw a vision of his sister's smiling face lightening up the whole house.

Nakita niya ang pag-awat ng kapatid niya sa ina upang lapitan siya. He smirked. Walang anuman na tumayo siya at taas-noong nagsalita, "I am no longer a part of this family. Nang dahil sa inyong lahat ay nawala ang nag-iisang pamilya na meron ako. I do wish all of you a nice time feeling guilty for what happened to the only treasure this house truly had."

Walang lingon-likod na lumabas siya ng pinto, hindi pinansin ang ilang ulit na pagtawag sa kanya ng ina. He didn't even bother to get any of his things. Iyon ang kahuli-hulihang pagkakataon na tatapak siya sa bahay na iyon at wala na siyang balak na bumalik pa.

Sa ginawa niyang pag-alis sa kanilang tahanan, alam niyang saanman siya magpunta ay minamanmanan siya. Ginagawa rin iyon ng kanyang ama sa nakatatandang kapatid niya, mino-monitor nito ang kanilang ginagawa upang masiguro na wala silang pinapasok na gulo. Dahil doon ay nagpalipat-lipat siya ng tirahan at trabaho. Binago niya ang pangalan sa tulong ng kaklase niya dati sa kolehiyo na sa Quiapo nakatira at maraming kakilala. From Eric dela Rosa Ortega, he became Eric Toledo. He

even changed the way he looked if only to lessen the possibility of being bothered by his family. Pina-bleach niya ang kanyang dark complexion. Pinahabarin niya ang buhok and he started dressing up and acting geeky. He even went to the extent of changing the way he talked para mag-match sa hitsura niya. He made it sound dull and soft.

Sa una ay halos masuka siya sa sarili dahil kabaligtaran iyon ng totoong siya, but later on he used it to his own advantage. Wala halos kumausap sa kanya sa pag-aakalang geography at science lang ang alam niya. He preferred it that way, walang nagtatanong sa kanya ng mga personal na bagay, thus, saving him from lying. Hindi rin siya tumatagal sa kahit anong trabaho. Kapag nararamdaman niyang nakikilala na siya ay kaagad siyang umaalis. Until he started working for *Bicharra Advertising Company*.

Sophie Michaels, ito ang una niyang nakausap sa una niyang araw sa *BAC*. Nasa labas siya ng *Santillan Tower* sakay ng lumang kotse na binili niya kahit pa may *Montero* siya. Kung magpapalit siya ng pagkatao ay kailangang pati ang mga gamit niya ay babaguhin din. Pinag-iisipan pa niya noon kung talagang papasukan ang trabahong in-apply-an. Hindi siya sigurado kung tama bang sa Makati ang pinili niyang lugar kung saan maraming transaksyon ang

kanyang pamilya. Nasa ganoon siyang pag-iisip nang mabilis na sumakay ang dalaga sa likuran ng kotse.

“Manong, sa Glorietta 2 nga.” Hindi man lang siya nito tiningnan at mabilis nang kinuha ang compact powder sa bag nito at nag-retouch.

Sa rearview mirror ay pinagmasdan niyang maigi ang hitsura nito. Thick eyeshadows over her curly eyelashes and bluish gray watery eyes. Ang maliit nitong mukha ay makinis. But he wasn't sure, it could be just too much makeup. He noticed her perfectly shaped nose and her red pouting luscious lips. Brown ang tuwid nitong buhok na nakalugay lang. It looked so soft and bouncy and for one second, he wanted to touch it. Kung hindi pa nito sinalubong ang tingin niya sa salamin ay di pa siya titigil sa pagtitig dito.

“Narinig mo ba ako?” iritado nitong tanong matapos panandaliang lumatay sa mukha nito ang pagkadisgusto.

Tumikhim siya at kinondisyon ang boses. “Hindi ito taxi, sorry.”

Nangunot-noo ito. “Ano?”

“This is just a taxi-looking private car.” Naaliw siya sa pagkalitong rumehistro sa mukha ng dalaga.

Namilog ang mga mata nito. “Oh, my God!” Nilingon nito ang paligid ng kotse. “I am so sorry! Bakit kasi ‘andito ka sa taxi waiting area?’ pagkuwan ay bawi nito sa pagkakapahiya.

“Wala naman akong sign sa itaas ng bubong nito na nagsasabing taxi ito kaya di ko inakalang may magkakamaling sumakay na pasahero,” he answered matter-of-factly.

“Are you trying to say that I’m stupid?” Nagusot ang maganda nitong mukha.

Lumingon siya palayo sa salamin upang hindi nito makita ang pagguhit ng ngiti sa labi niya. “You’re the one who said that.”

“Jerk! Subukan mo kayang papinturahan ng ibang kulay ang sasakyan mo at nang di nagkakamali ang mga tao.”

Mas lalo siyang natawa sa sinabi nito. Nilingon niya ito sa likuran at panandaliang natigilan nang makita ang suot nito. Her pearl white legs against her short black pencil cut skirt enticed him at ganoon din ang puting blouse nito na bahagyang nakababa ang neckline sa gawing dibdib nito, showing perfect cleavage. Mabilis niyang inalis ang mga mata roon at sinalubong ang galit nitong tingin.

Pretentious Lover - Jade Anne Franco

“What are you still doing inside my car?”

Pinandilatan siya nito bago padarag na lumabas ng kotse niya at halos magiba ang kawawang sasakyan nang malakas nitong isara ang kalawanging pinto. Nailing na ngumiti siya at tumuloy na sa parking area.

Because of Sophie, he decided to accept the job.

3

Muling kumagat sa sandwich si Eric nang bumalik sa kasalukuyan ang pag-iisip. Nang makitang kaunti na lang ang natira ay tuluyan na niya itong isinubo, making his cheeks bulge. Sa ganoong pagkakataon din napiling dumungaw ni Sophie mula sa mababang styro wall na nakapagitan sa kanilang cubicle.

“You’re disgusting,” puno ng pagkairitang asik nito nang makita ang pisngi niyang namumukol sa pagkain.

“Did you change your mind?” he said in a muffled voice. “Did you want my sandwich after all?”

Once again he saw the disgust on her immaculately beautiful face. “Don’t talk when your mouth’s full. In fact, don’t talk at all. I don’t want your sandwich, I don’t want anything from you. Tigilan mo lang ang ingay mo because I’m trying to nap.”

Noon lang niya napansin na he’s been tapping the metal trash bin with his feet. Nasanay na siyang mag-isa lang sa opisina kapag lunch break kaya nakasanayan na niyang gawin iyon lalo’t may earphones na suot. Mag-so-sorry na sana siya nang

maisip na may kaunting oras pa bago magsipagbalikan ang mga kasamahan.

He took his time munching the sandwich before swallowing. Uminom pa muna siya ng orange juice sa baon niyang container mug habang pinagmamasdan ang mas lalong paglukot ng mukha ni Sophie.

“Do you like music?” Noon pa lang niya itinigil ang paggalaw ng paa.

“No. Now, please just be quiet.” Nawala na ito sa paningin niya.

Mabilis niyang pinagulong ang upuan at pumasok sa cubicle nito na halatang ikinagulat ng dalaga.

“What the hell are you doing here?” malakas nitong bulalas, nanlalaki ang mga mata sa pagkagulat.

“You don’t have to yell; we’re not in a concert, we’re in a tiny cubicle,” katuwiran niya.

“This is *my* cubicle! Sisigaw ako kung gusto ko, at ngayon gusto kitang sigawan... Utang-na-loob, tantanan mo ako!” she squealed.

Tinitigan niya ito. “God, you’re so beautiful when you’re angry...”

“At ang pangit mo kahit anong expression mo!”

angil nito.

Pinigilan niya ang mapangiti sa sinabi nito. “Bakit ba inis na inis ka sa akin?”

“Bakit sa tingin mo?” balik nito na nakataas ang isang kilay.

“Dahil may gusto ka sa ’kin at ayaw mong aminin kaya dinadaan mo na lang sa pagtataray,” he answered almost instantly.

Sa buong kaaliwan niya ay humalakhak ito. “Are you from Mars?” nang-iinsulto nitong tanong. “Eric, kapag ang babae ay ayaw kang makita o makausap man lang, ’yung tipong nasusuka pag nakikita ka, ibig sabihin n’on ay hindi ka niya gusto. On the other hand, if a girl always smiles at you and talks to you o di kaya ay palagi kang tinitingnan, d’un ka na umasa,” anitong parang nagpapaliwanag sa bata.

“So may gusto ka sa big boss natin?”

Sandali itong natigilan at lumikot ang mga mata. “That’s none of your business.” Pagkaraan ay bumalik ang inis sa mukha nito. “What do you want from me?”

“Let’s listen to just this one song.” Sumeryoso siya.

“Why would I want that?” asar nitong tanong.

“I’m bored. Wala naman tayong ibang ginagawa. If you take a nap, mabibitin ka lang. It’s just a li’l over ten minutes at ’andito na ulit ang mga ’yon,” sagot niya.

“Ayoko,” mariin nitong tanggi.

Kumibit-balikat siya. “Fine.” Pinagulong niya ang upuan pabalik sa cubicle niya at pumili ng kanta sa kanyang *iPod*.

Di nagtagal ay malakas na niyang sinasabayan ang kantang pinapakinggan.

“Hold me now! I’m six feet from the ground, and I’m thinking, maybe six feet ain’t so far down!” Sinabayan niya ang drums ng tugtog sa pag-tap ng palad sa kanyang desk.

Nagulat pa siya nang biglang mahugot ang earphone sa tainga niya. Nilingon niya ang may gawa niyon at nakita niya ang madilim na mukha ni Sophie. Tinago niya ang ngiti na nagbabadyang gumuhit sa kanyang mga labi.

“Yes?”

“Pag pinakinggan ko ba ang sinasabi mong kanta, isasara mo na ’yang bunganga mo at mananahimik?” buong pagpipigil nitong sabi.

Tumango-tango siya.

“Okay, then.”

Tumayo siya. “Sit,” utos niya at walang anumang naupo sa lamesa kaya nakatingala ito sa kanya. He grabbed the other earphone and bent toward her to gently place it inside her left ear. Napalunok siya nang maramdaman ng kanyang mga daliri ang balat sa leeg nito, malambot at makinis. Tinakpan niya ng ngiti ang nararamdaman habang titig na titig dito, ignoring the smell of her delicate perfume while looking at her ash-blue eyes that seemed to go so deep. Hindi niya iyon napansin dati; inakala pa niyang nakasuot ito ng contact lenses dahil sa kulay niyon. Pero ngayong malapitan na, napakaganda pala ng mga mata nito.

Sa wakas ay naikabit din niya ang earphone at pinilit ang sariling layuan ito upang tumuwid ng upo, holding her gaze. “Ready?”

Napapitlag ito na ipinagtaka niya, it’s like she wasn’t aware that he was there. Tumango ito. Napangiti ulit siya at pinili ang tugtog sa aparato at pinindot ang ‘play’.

“What song is this?” tanong nito.

“Shh...” he stopped her. “Just listen.”

Pretentious Lover - Jade Anne Franco

Sophie could hear her heart thumping against her chest, she had never been this close to Eric and she didn't even expect that he would give out such overpowering energy toward her. Nagtayuan ang mga balahibo niya nang lumapat ang kamay nito sa kanyang balat, and as crazy as it may sound, she liked it.

Narinig niya ang pagsimula ng tugtog at muling tiningala ang lalaki. Wala na ang ngiti sa mga labi nito. Ang malamlam na mga mata ni Eric ay nakatingin sa kanya na parang napakalalim ng iniisip. She wasn't even sure if he was actually looking at her.

We'll do it all, everything, on our own

We don't need anything or anyone

If I lay here, if I just lay here

Would you lie with me and just forget the world?

Eric started to smile again, warmly this time na tila inaarok siya. Ilang ulit na niyang napakinggan ang kantang ito and she never bothered to listen to the lyrics, ni hindi niya ito nagustuhan, but with Eric, it was... different. The tone of the music started to

Pretentious Lover - Jade Anne Franco

progress and like a movie, it felt as though everything else disappeared. The cubicle, the walls, and the machines around them tore down. It's just the music, herself on the chair and Eric looking down at her.

She realized how relaxing and soothing his face was, or at least, at that moment. May kakaibang pakiramdam na dinadala ang pagkakatitig nito sa kanya and she felt a sudden rush of freedom, to run away from her tangled situation and just forget about everything.

All that I am, all that I ever was

Is here in your perfect eyes, they're all I can see

I don't know where, confused about how as well

*Just know that things, will never change for us at
all*

If I lay here, if I just lay here

Would you lie with me and just forget the world?

She could not believe how she was feeling every word of the song na parang isinulat iyon para sa kanya, sa kanila. She smiled back at him and it

was magical. She wanted to stay with Eric at that moment, she wants the song to last longer. Gusto niyang kalimutan ang pangaral sa kanya ng abuela. Kung ano ang ginawa sa kanila ng kanyang ama. She just wanted to be happy in her own way at hindi dahil sa mga naranasan sa nakaraan. She wanted to stay in that magic bubble where she could not feel any pressure. Wala siyang naiisip o nararamdaman na anuman maliban sa lalaking ito na masuyong nakatingin sa kanya.

And then the bubble popped, the song was over and she felt cold. Bumalik siya sa opisina and everything was the same again.

“Nagustuhan mo ba?” Eric stood up and removed the earphone from her ear.

Napayuko siya, blinking rapidly with mixed emotions that it scared her. She never looked at Eric like a man until now and it was killing her to know that he had this new effect on her that she couldn't even feel from Mark.

“Yeah, it's a nice song,” pilit niyang pagpakaswal ng boses.

“Good. Now go back to your cubicle,” walang anumang pagtataboy nito sa kanya habang inaayos

ang wires ng earphone.

She looked up and Eric was smirking once again like an idiot. Nag-inat ito na parang biglang inantok. Napansin niya ang hindi niya napapansin dito dati—his long, well built arms and broad chest.

“Go!” untag nito.

Napatayo siyang bigla at muling bumalik ang pagkaasar niya rito. Pigil ang galit na tinalikuran niya ito.

Litong bumalik si Sophie sa pagkakasalampak sa lamesa. Pilit niyang pinaglalaman ang hinala na pumapasok sa isip niya. She couldn't possibly have a crush on that jackass! That overly annoying, persistent weirdo. Napangiwi siya, not believing a word she was thinking.

“Hey!”

Bigla ang pagtuwid ng upo niya nang lumitaw ang ulo nito over the wall katulad ng ginawa niya kanina.

“Yes?” she asked hopefully. *Hopefully?* Gusto niyang tadyakan ang sarili sa tinatakbo ng isip.

Tila nagdalawang-isip muna ito. “Uhm... do you want to... hang out later?”

“Yes!” Napamulagat siya sa bilis ng pagkasagot. Halos hindi niya ito pinatapos. Something must be seriously wrong with her. “I mean no, I can’t,” bawi niya at inirapan ito.

A grin broke his lips. That grin that used to annoy her and always served as a warning na may hindi ito magandang gagawin. “Are you sure?”

“Of course I’m sure, at di ba sinabi mong mananahimik ka na after we listen to the song?”

“Inaabala ka ba niya?”

Sabay silang napalingon sa entrance ng kanyang cubicle. Si Laurence, a young executive na matagal nang nagpapalipad-hangin sa kanya. Nakita niya ang pagpormal ng mukha ni Eric bago walang imik itong bumalik sa upuan.

“H-hindi naman,” napilitan niyang sagot. Alam niyang hindi nakikipag-usap si Eric sa ibang tao sa opisina.

“So... Sophie, Sweetie. How about dinner later?” Tuluyan na nitong nakalimutan ang lalaki sa kabilang cubicle.

Pilit siyang ngumiti. “I’m sorry, I can’t. May mga tatapusin pa ako.”

Bumuntong-hininga ito. “As usual...”

Ilang ulit na kasi siya nitong inaaya at kahit minsan ay hindi pa niya ito napagbigyan. “I’m sorry...”

“It’s okay.” Bagsak ang mga balikat na umalis na ito.

Gustuhin man niyang pagbigyan ang lalaki ay hindi niya magawa. She didn’t want to give him the wrong idea. Para kay Mark lamang ang atensyon at oras niya. Wala nang iba.